



Lubhang ipinaalala sa atin ng pandemyang COVID19 na tayong lahat ay iisang sangkatauhang humaharap sa mga umiiral na pangkaraniwang pagsubok.

Ang OneShared.World ay isang malawak at kinabibilangan ng samahan ng mga taong kumikilos nang may pagtutulungan sa kabila ng pagkakaiba-iba ng kultura, etnisidad, organisasyon, pamumuhay, interes, henerasyon at bansa upang matiyak ang mas mabuting kinabukasan para sa sangkatauhan at pagpapanatili ng ating karaniwang tahanan.

Kami ay naghahangad na maitatag ang malayang pamamahayag ng mga karaniwang tao bilang haligi ng pandaigdigang kapangyarihan at impluwensiya upang igiit ang tiyak na pag-unlad tungo sa pagkilala ng ating pinaka pinagkakaparehong mga pagsubok.

#### SAMAHAN MO KAMI. TANGGAPIN ANG PANUNUMPA NG PAGKAKAISA

Ako'y nanunumpa na:

1. Susuportahan ang pagtatatag ng makahuhula, makalalaban, at makatutugong imprastruktura upang protektahan tayo sa umiiral na mga panganib;
2. Kumilos upang matiyak na lahat ng mga mahihina ang loob sa atin ay maaaring maranasan ang mga mahahalagang kalayaan gaya ng sa mga kilala at mga makapangyarihan, na ang ating pagkakapareho bilang tao ay kinikilala sa loob ng konteksto ng ating mahahalagang pagkakaiba, at ang pantay na karapat-dapat na mga buhay natin ay maaaring isabuhay ng may karangalan;
3. Direktang magtaguyod at makiisa sa komunidad, organisasyon, mga nilalang, at mga bansa kung saan maaari akong maging kabahagi upang mapangalagaan ang ating karaniwang mga tao at pinagsasaluhang tahanan;
4. Magsulong ng ligtas at mapagpanatiling pandaigdigang kapaligiran para sa lahat ng uri ng mga hayop at mga ekosistema sa ating daigdig;
5. Tiyakin ang kalusugan, kaligtasan at kapakanan ng lahat ng kabataan at lahat ng mga tao at upang siguraduhing may pantay-pantay na edukasyon, pangangalagang pangkalusugan at kaligtasan;
6. Suportahan at ibahagi ang masining na pamamahayag sa lahat ng anyo nito upang makatulong maging dahilang ng ugnayan, paggalang, kahulugan at komunikasyon sa iba't ibang kultura; at
7. Pagtibayin at isulong ang pakikipagkapwa –tao sa pamamagitan ng konsiderasyon sa bawat isa, paggalang, empatiya at kabutihan.
8. Kumilos sa abot ng aking makakaya na siyang hangarin ng mga simulaing ito.

Nang may matinding pag-asa para sa mas mabuti, maliwanag na kinabukasan para sa lahat, inaanyayahan naming kayo'y manumpa ng katapatan para sa mga simulaing ito at sumama sa aming pandaigdigang kilusan.

Pangalan:

Apilyido:

Bansa:

Organisasyon:

Hanapbuhay:

e-mail:

[PALALA: Sa pagpapatuloy ikaw ay sumasang-ayong tanggapin ang aming mga *email*. Ang iyong datos ay protektahan ng aming Privacy Policy at magpapaliwanag kung paano ito maaaring magamit.]

Kayo ay aming inaanyayahan sa lalong madaling panahon na sumama sa mga tiyak na kampanya bilang paghahangad na maisulong ang mga layuning ipinaliwanag sa itaas. Ang una sa mga ito ay naghahangad na mapahusay ang ating mga kapasidad sa pandaigdigang pampublikong kalusugan para sa kapakinabangan ng lahat at ipagmalaki ang madaliang plano ng pagkilos para sa pagtulong sa mga bulnerableng populasyon habang ang pandemyang COVID 19 ay tila nagbabago patungo sa timog hating globo sa mga susunod pang mga buwan.

Hinihikayat naming ang lahat na ikalat ang balitang ito at sumama sa aming gawing katotohanan ang ating nag-iisang pangarap:

Isang nagkakaisang sangkatauhan. Isang pinagsasaluhang ekosistema. Mas matatag na magkasama.